

# NAGSULAT ANG PANGULO

Henry Rajendra

## ANG TAMANG BAGAY PARA SA MGA ESTUDYANTE — AT ANG MATALINONG DAANAN PARA SA PULITIKA

Alam ng bawa't guro sa NSW kung bakit mahalaga ang 'preparation time' (oras ng paghahanda). Ito ang oras na ginagamit natin sa pagplano ng leksyon na nakakarating sa bata sa likuran ng silid. Ito ang oras na ginagamit natin sa pakikipag-usap sa isang occupational o speech therapist tungkol sa mag-aaral na nagbago ang mga pangangailangan. Ito ang oras na ginagamit natin sa maayos na paggagrado ng trabaho, pagtawag sa mga magulang, sa pag-adjust ng leksyon para bukas, batay sa nangyari sa leksyon ngayong araw.

Ito ang, sa pinakamahalagang kahulugan, ang oras na ginagamit natin upang magturo ng maayos.

Iyang oras na iyan ay hindi nakisabay ng paghakbang sa itinakbo ng trabaho. Ang mga pangprimaryang guro ng NSW ay tumatanggap parin ng dalawang oras ng 'preparation time' bawa't linggo — walang pagbabago mula pa noong panahon ng 1980.

Ang mga sekundaryong guro ay wala man lamang naging pagdagdag sa 'preparation time' magmula pa noong 1950.

Samantala, ang karamihan ng mga mag-aaral na may-kapansanan sa mga NSW na pampublikong paaralan ay dumami ng 75 porsiyento na umabot sa mahigit na 220,000; na ang 86 porsiyento ay nakikipag-aral sa mga walang kapansanan na kaayusan, at ang kurikulum ay panay ang pabago-bago. Ang pagkakaiba't-iba ng kultura at wika ay mas lalong lumubog sa kalaliman.

Ang aming trabaho ay mas lalong naging kumplikado at mas nangailangan ng lahat ng posibleng paraan datapwa't ang mga kondisyon para umakma sa nangyayari ay nanatiling walang galaw.

Una at nangunguna sa lahat, ito ay ang katanungang ano ba ang pagkakautang namin sa mga mag-aaral. Para diyan, ang ebidensya ay nakapasok na. Ang Gallop Inquiry ay nagrekomenda ng karagdagang dalawang oras para sa 'preparation time' sa bawa't linggo bilang agarang kinakailangan. At iyan ay apat na taon nang nakalipas.

Ang bawa't estudyante ng pampublikong paaralan ng NSW ay nararapat na magkaroon ng guro na may oras at mental na kapasidad para magplano para sa kanila. Upang maunawaan ang kanilang mga pangangailangan at maayos na mag-adjust ng leksyon. Iyan ang nasa tamang-asal ng pagbibigay-katwiran para sa 'preparation

Authorised by Maxine Sharkey, General Secretary, NSW Teachers Federation, 22-33 Mary Street, Surry Hills NSW 2010.

time' — at iyan ay umiiral, kesyo mapulitikang popular man o hindi ang isyu.

Ngunit sa nangyayari, ito ay nag-uumapaw na popular.

Kinumisyon namin ang Redbridge Group upang masusing magsiyasat sa pampublikong opinyon tungkol sa isyu na ito — itong 'preparation time' ngayon ang naging mahalagang babasahin para sa gobyerno. Nang mahigit sa 2000 mga botante ng NSW ang tinanong kung ano ang mas magpapahusay sa edukasyong pampubliko, ang 42 porsiyento ay nagsabing 'mamuhunan at suportahan ang mga guro'. Iyan ay mahigit pa sa doble ng susunod na pagpipilian. Malakas ang suporta sa bandang Labor, Coalition at Greens na mga botante.

Ang mga kalahok sa mga focus group ay mas mahigit pa ang mga sinabi.

Inilarawan ng mga magulang ang modernong silid-aralan sa mga salitang sinumang guro ang makakakita, pag-uusapan ang tungkol sa kinakailangan na "tumulong sa lahat ng mga iba't-ibang pangangailangan" at tinatawag ang pagkukumpara ng mga nagdaang mga silid-aralan sa ngayon na "chalk at keso".

Ang mahalaga, ang suporta ay nababanat. Kahit na nang ang mga botante ay pinakitaan ng kontra-argumento na ang pamumuhunan para gastusan ang 'preparation time' (oras ng preparasyon) ng guro ay maging kabawasan sa mga prayoridad ng gobyerno, ang 'net support' (netong suporta)  ay nanatiling higit pa sa 50 porsiyento.

Doon sa mga focus group, ang argumento ay nauwi sa galit. Inilarawan ng isang botante ng ganito "sasabihing ang edukasyon ay hindi kasing mahalaga tulad ng ibang bagay… diyan ako talagang naiirita". Kitang-kita ng mga botante na ang ikinuwadrong hindi mo makakamit ang lahat ng bagay ay maling pagpili at inatrasan nila ito.

Ang Gobyernong Minns ay maraming tunay na nagawa sa pampublikong edukasyon. Mayroon na tayong makumpetensyang pasweldo sa unang pagkakataon sa loob ng dekada, isang pangako na itataas ang pagpopondo sa pamantayang Gonski at libo-libong mga guro ang naging mga permanente ang posisyon.

Ang isang kasunduan para sa 'preparation time' ay magbibigay daan sa kanilang magkwento ng malaking istorya tungkol sa muling-pagtatatag (rebuild) ng pampublikong edukasyon. Sa katunayan, ang mga botante ay 23 porsiyentong mas malamang na susuporta sa polisiya kapag nalaman nila na ito ay sinang-ayunan ng Pederasyon (Federation). Ito ay magpapakilos sa libo-libong mga guro na ipagkalat ang katotohanan tungkol sa muling-pagtatatag (rebuild).

Ang kaso para sa 'preparation time' ay magsisimula sa mga estudyante.

Ang pampulitikang kaso nito ay ang tratuhin sila ng patas, etikal at may-dangal na magiging kasintulad na rin ng pinakamatalinong bagay na magagawa ng gobyerno.

Authorised by Maxine Sharkey, General Secretary, NSW Teachers Federation, 22-33 Mary Street, Surry Hills NSW 2010.